American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-270-280
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PERSEPSYON AT EPEKTO NG BINI SA INTERES NG MGA MAG-AARAL NG KCAST SA KULTURA AT TURISMO NG PILIPINAS

**Jessa Mae P. Ayagan**
*Institute of Teacher Eduacation, Kapalong Collge of Agriculture, Sciences and Technology, Phillipinies*

***ABSTRACT :*** *Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang persepsyon at epekto ng bini, isang kilalang Filipino girl group, sa interes ng mga mag-aaral ng Kapalaong College of Agriculture Sciences and Technology sa kultura at turismo ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng pananaw ng mga mag-aaral, tinutukoy ng pananaliksik kung paano nakatutulong ang mga makabagong anyo ng kulturang popular sa pagpapalalim ng kamalayan at pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang sariling sining at kultura. Ginamit sa pag-aaral na ito ang mga metodolohiyang kwantitatibo, partikular ang sarbey, upang makuha ang pananaw ng 258 na piling mag-aaral mula sa iba't ibang programa ng KCAST.  Ang mga datos ay inanalisa gamit ang mean at person r upang matukoy ang antas ng persepsyon at epekto ng bini sa kanilang interes. Lumabas sa resulta na may mataas na antas ng interes at positibong epekto ang bini sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino. Batay sa natuklasan, iminumungkahi ng pag-aaral na maaring gamitin ang kulturang popular bilang isang epektibong kasangkapan sa pagpapalaganap ng turismo at kultura ng bansa. Dagdag pa rito, nirerekomenda ng mga elementong may kaugnayan sa interes ng Kabataan upang mapalakas ang kailang koneksyon sa saring indentidad bilang Pilipino.*

***Keywords -*** *bini, kulturang popular, interes ng mag-aaral, kultura, turismo, persepsyon, epekto*

## I. INTRODUKSYON

Ang hindi sapat na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa sariling kultura at turismo ay isang seryosong isyu na humahadlang sa pag-unlad ng industriya. Maraming mga bansa ang mayroong suliraning kinahaharap hinggil sa kultura tulad ng mga makasaysayang pook, sining, museo at mga aktibidad na may kaugnayan sa relihiyon at kasaysayan. Ang ganitong kalagayan ay nagpapakita ng kakulangan sa pagpapahalaga at kaalaman ng mga lokal sa sariling pamana, na nagiging sanhi ng hindi sapat na suporta sa mga lokal na destinasyon at produkto (Buted at Felicen, 2023).

Ang Timog Korea ay nahaharap sa isyung hindi pagtangkilik ng sariling mamamayan sa mga lokal na pamanang kultural at destinasyong panturismo. Ayon sa pananaliksik, maraming kabataang koreano ang mas pinipiling maglakbay sa mga banyagang bansa kaysa bisitahin ang mga makasaysayang pook sa kanilang sariling bayan, dahil sa paniniwalang mas prestihiyoso ang pagpunta sa ibang bansa. Idinagdag pa ng pag-aaral na ang urbanisasyon at modernisasyon ay nagdulot ng pagkawala ng interes ng lokal na populasyon sa mga tradisyunal na kaugalian, sining at kasaysayan ng Korea. Ito ay nagbubunsod ng pangangailangang palakasin ang mga programa sa edukasyon at lokal na kampanya upang muling itanim ang pagpapahalaga sa sariling kultura at kasaysayan (Lee at Park, 2021).

Isa sa mga pangunahing hamon sa turismo at kultural na sektor sa Pilipinas ay ang mababang partisipasyon ng mga lokal na komunidad sa pangangalaga at pagtataguyod ng mga pamanang kultural. Ayon sa pag-aaral, maraming inisyatibo ang hindi isinasama ang mga lokal na stakeholder sa pagpaplano at implementasyon. Sa halip na maging katuwang, ang mga residente ay kadalasang nagiging tagamasid lamang sa halip na aktibong kalahok. Nagdudulot ito ng kakulangan sa lokal na suporta at pinipigil ang pagpapanatili ng

mga pook-kultural. Dagdag pa rito, nagkakaroon ng tensyon sa pagitan ng konserbasyon ng kultura at ng mga komersyal na interes, na mas pinapaboran ang kita kaysa sa tunay na layunin ng kultural na pagpapayaman (Dizon et al., 2020).

Samantala, may mga kaugnay na pag-aaral patungkol sa persepsyon at epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral at wala pang pag-aaral na isinagawa sa lokal na kolehiyo ng *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology.* Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay nakatutok sa persepsyon at epekto ng bini at interes sa sining at turismo ng Pilipinas tulad na lamang ng pag-aaral nina Placido et al. (2022), na may pamagat na *"Philippine-Pop as Potential Catalyst: Filipino Fans' Perception as a Basis for Tourism Promotion"* at pag-aaral ni Chunin (2022), na may pamagat na *"Reviewing the Culture and Impact of Pop Culture Tourism: A Case Study of BTS"* at wala pang pag-aaral na isinagawa sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology na tumututok sa kanilang persepsyon at interes ng bini sa mga mag-aaral para sa kanilang sining at turismo.

Sa ilalim ng pananaliksik na pinamagatang persepsyon at epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral sa kultura at turismo ng Pilipinas, titiyakin ng isang sistematikong plano sa pagpapalaganap ng pag-aaral na maipararating nang malinaw at epektibo ang mga resulta sa target na madla. Ang mga natuklasan ay unang ihaharap sa mga pangunahing tagapamagitan ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* sa pamamagitan ng isang pormal na presentasyon. Kasunod nito, ilalathala ang pananaliksik sa mga akademikong dyornal upang maibahagi ito sa mas malawak na komunidad ng mga iskolar. Bukod pa rito, gagamitin ang mga digital na plataporma gaya ng mga edukasyonal na website upang higit pang mapalawak ang saklaw ng distribusyon at maabot ang mas malawak na awdiyens.

## I. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Sa pag-aaral na ito ay sisiyasatin ang persepsyon at epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology sa kultura at turismo ng Pilipinas.
Sa katiyakan, nilalayon ng mananaliksik na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Matukoy ang epekto ng bini sa mga mag-aaral batay sa mga aspektong:
   1.1 emosyonal;
   1.2 sikolohikal;
   1.3 sosyal; at
   1.4 mga gawi sa pag-aaral.
2. Matukoy ang interes ng mga mag-aaral sa kultura at turismo ng Pilipinas batay sa mga aspektong:
   2.1 pantransportasyon;
   2.2 pagkain at inumin;
   2.3 pangkultura; at
   2.4 pagpalalaganap ng kultura.
3. Matukoy ang epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral sa kultura at turismo ng Pilipinas.

## II. PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik. Layunin ng disenyong ito na mailarawan at masukat ang persepsyon ng mga mag-aaral ng *KCAST* hinggil sa grupong bini at kung paano ito nakaapekto sa kanilang interes sa kultura at turismo ng Pilipinas.

Sa konteksto ng pag-aaral, isang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik ang pipiliin para sa pag-aaral na ito dahil ito ay magbibigay-daan sa pagsukat at pagsusuri ng *numerical data*, na magiging mahalaga para sa pagtukoy ng mga *pattern,* paggawa ng mga datos, at pagsubok ng relasyon ng mga baryabol. Bukod pa rito, ang paggamit ng isang mapaglarawang pamamaraan ng ugnayan ay magpapadali sa paggalugad ng ugnayan sa persepsyon at epekto ng bini, at interes sa kultura at turismo ng Pilipinas. Panghuli, ang mga resulta ay gagawing pangkalahatan sa mas malaking populasyon na mas pinadali ang paggamit ng istatistikal na pagsusuri, na magpapahusay sa pag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay gagamit ng kwantitatibong disenyo na may korelasyonal na dulog upang matukoy ang epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. Ayon kina Pratama et al. (2023), ito ay naglalarawan ng mga relasyon ng mga baryabol na angkop para sa pagtuklas mga ugnayan. Gumagamit ito ng mga statistical na mga pamamaraan ng pag-aaral gaya na lamang ng person r upang pag-aralan ang ugnayan ng mga baryabol (Asamoah, 2014).

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, mahalagang maunawaan kung paano ang kasikatan at imahen ng isang P-pop group gaya ng bini ay maaaring magkaroon ng impluwensya sa kaisipan at pagkilos ng kabataang Pilipino. Sa pamamagitan ng korelasyonal na dulog, masusuri kung may makabuluhang relasyon ang antas ng pagkilala at pananaw ng mga mag-aaral sa bini sa kanilang interes sa lokal na kultura, kasaysayan, at turismo. Ang ganitong pagsusuri ay makatutulong hindi lamang sa larangan ng akademya, kundi pati sa mga sektor ng kultura at turismo sa pagbuo ng mga estratehiyang makakapagpalakas ng pambansang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng popular na musika at midya.

## III. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 2**

***Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI, ayon sa Emosyonal***

Antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa emosyonal ay sinukat sa pamamagitan ng survey questionnaire kasama ang indikeytor na emosyonal. Ang tugon ng mga respondente sa indikeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Emosyonal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ang pakikinig sa musika ng BINI ay nagpasasaya sa akin. | 4.07 | Napakataas |
| 2. nakare-relax ang pakikinig ko sa musika ng BINI. | 3.93 | Mataas |
| 3. ang pakikinig sa musika ng BINI ay nagpapasigla sa akin. | 3.91 | Mataas |
| 4. ipinagmamalaki ko ang kanilang mga dibuhista kapag nakikinig ako sa musika ng BINI. | 3.83 | Mataas |
| 5. ako ay nagiging produktibo kapag nakikinig sa musika ng BINI. | 3.90 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.93** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa indekeytor na emosyonal. Makikita rin sa talahanayan na makikita mula sa aytem 4 na – *“ipinagmamalaki ko ang kanilang mga dibuhista kapag nakikinig ako sa musika ng BINI.”* na nakakuha ng mean na 3.83 o mataas. Ibig sabihin ay ang paggamit ng persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas.

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 2 na – *“ang pakikinig sa musika ng bini ay nagpasasaya sa akin.”* na nakakuha ng mean na 4.7 o napakataas. Ibig sabihin ay ang paggamit ng persepsyon at epekto ng bini ay laging naipapakita.

Bilang kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang antas ng persepsyon at epekto ng bini na may kabuoang 3.93 o mataas. Ibig sabihin na ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

**Talahanayan 3**

***Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI, ayon sa Sikolohikal***

Antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa sikolohikal ng mga mag-aaral ng KCAST ay sinukat sa pamamagitan ng survey questionnaire kasama ang indekeytor na sikolohikal. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Sikolohikal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ako ay nare-relax kapag nakikinig sa musika ng BINI. | 3.91 | Mataas |
| 2. pakiramdam ko isa akong miyembro ng P-pop group kapag naririnig ko ang musika ng BINI. | 3.72 | Mataas |
| 3. sumasayaw ako tuwing naririnig ko ang musika ng BINI. | 3.88 | Mataas |
| 4. ginagaya ko ang aking idolo sa BINI. | 3.67 | Mataas |
| 5. nagagalit ako kapag sinasabi nilang kakaiba ako. | 3.61 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.76** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 3 ang persepsyon at epekto ng bini sa mga mag-aaral ng *KCAST* ayon sa indekeytor sa sikolohikal. Makikita rin mula sa aytem 5 na – *“nagagalit ako kapag sinasabi nilang kakaiba ako.”* na nakakuha ng mean na 3.61 o mataas. Ibig sabihin ay ang persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas.

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 1 na – “ako ay nare-relax kapag nakikinig sa musika ng BINI.” na nakakuha ng mean na 3.91 o mataas. Ibig sabihin ay ang persepsyon at epekto ng bini ay madalas na naipapamala.

Kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang persepsyon at epekto ng bini na may kabuoang 3.76 o mataas. Ibig sabihin na ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay laging naipapakita sa mga mag-aaral ng KCAST.

**Talahanayan 4**

***Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI, ayon sa Sosyal***

Antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa sosyal ng mga mag-aaral ng KCAST ay sinukat sa pamamagitan ng survey questionnaire kasama ang indekeytor na sikolohikal. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Sosyal | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. napaliligiran ako ng BINI fans. | 3.77 | Mataas |
| 2. naiinis ang aking mga kaibigan kapag nakikinig o kumakanta ako ng mga kanta ng BINI. | 3.47 | Mataas |
| 3. kinakanta ko ang musika ng BINI kasama ang aking mga kaibigan. | 3.73 | Mataas |
| 4. hindi ako nakikipag-ugnayan nang maayos sa isang taong hindi interesado sa BINI. | 3.47 | Mataas |
| 5. marami akong kaibigan dahil sa musika ng BINI na nakakaimpluwensya sa akin. | 3.74 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.64** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang persepsyon at epekto ng bini sa mga mag-aaral ng *KCAST* ayon sa indekeytor na sosyal. Makikita rin mula sa aytem 2 na – *“naiinis ang aking mga kaibigan kapag nakikinig o kumakanta ako ng mga kanta ng bini.”* na nakakuha ng mean na 3.47 o mataas. Ibig sabihin ay ang persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapakita. Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 1 na – *“napaliligiran ako ng bini fans.”* na nakakuha ng mean na 3.77 o mataas. Ibig sabihin ay ang persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas.

Bilang kabuoan, ang datos ay nagpapakita na ang persepsyon at epekto ng bini ay nakakuha ng may kabuoang 3.64 o mataas. Ibig sabihin ay madalas na naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

**Talahanayan 5**

***Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI, ayon sa Mga gawi sa pag-aaral***

Ang antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa mga gawi sa pag-aaral ng mga mag-aaral ng KCAST ay sinukat sa pamamagitan ng survey questionnaire kasama ang indekeytor na sa mga gawi sa pag-aaral. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Mga Gawi sa Pag-aaral | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nakikinig ako ng musika ng BINI para matulungan akong magpokus sa klase. | 3.67 | Mataas |
| 2. kahit sa klase, hinahanap ko ang musika ng BINI upang makakuha ng inspirasyon. | 3.59 | Mataas |
| 3. mas pokus ako sa pag-aaral ko kaysa sa BINI. | 3.91 | Mataas |
| 4. natatapos ko ang aking takdang-aralin sa oras dahil nakikinig ako sa musika ng BINI. | 3.66 | Mataas |
| 5. madali akong makapag-aral sa bahay dahil nakikinig ako sa musika ng BINI habang nag-aaral. | 3.66 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.70** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 5 ang persepsyon at epekto ng bini ayon sa indekeytor sa mga gawi at pag-aaral. Makikita rin mula sa aytem 2 na – *“kahit sa klase, hinahanap ko ang musika ng bini upang makakuha ng inspirasyon.”* na nakakuha ng mean na 3.59 o mataas. Ibig sabihin ay ang mga gawi sa pag-aral ay madalas na

naipapamalas. Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 3 na – *"mas pokus ako sa pag-aaral ko kaysa sa BINI."* na nakakuha ng mean na 3.91 o mataas. Ibig sabihin ay ang mga gawi ng pag-aaral ay madalas na naipapamalas.

Bilang kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa mga gawi sa pag-aaral na may 3.70 o mataas. Ibig sabihin ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

**Kabuohag Resulta ng Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI**

Ipinakita sa Talahanayan 6 ang buod ng kabuoan ng antas ng persepsyon at epekto ng bini. Ang mean ng bawat palatandaan at katumbas na deskripsyon ay kabilang sa mga datos na inilahad. Isiniwalat batay sa resulta na mula sa apat na indekeytor ng antas ng persepsyon at epekto ng bini, ayon sa emosyonal, sosyal, sikolohikal at ang mga gawi sa pag-aaral na nakakuha ng mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay laging naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

Samakatuwid, ang kabuoan ay nakakuha ng mean na 3.76 na kung saan na may katumabas na mataas. Ibig sabihin lamang nito ay ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas sa mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.*

**Talahanayan 6**

**Kabuohan ng Antas ng Persepsyon at Epekto ng BINI**

| Indikeytor | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| Emosyonal | 3.93 | Mataas |
| Sikolohikal | 3.76 | Mataas |
| Sosyal | 3.64 | Mataas |
| Mga Gawi sa Pag-aaral | 3.70 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.76** | **Mataas** |

**Talahanayan 7**

***Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas, ayon sa Pantransportasyon***

Ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pantransportasyon ay sinukat sa pamamagitan ng survey questionnaire kasama ang indekeytor na sa pantransportasyon. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| **Pantransportasyon** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1. ang nilalaman ng mga musika, bidyo, vlogs, mga post sa social media at patalastas ng P-pop ay nagpapakita ng mga uri ng transportasyon sa Pilipinas, tulad ng dyip, kalesa, padyak, habal-habal, at iba pa. | 3.98 | Mataas |
| 2. ang nilalaman ng musika at mga bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng transportasyong riles sa Pilipinas, tulad ng PNR, LRT, MRT, at iba pa. | 3.72 | Mataas |
| 3. ang nilalaman ng mga musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng transportasyong pantubig sa Pilipinas, tulad ng bangka, RoRo, at iba pa. | 3.67 | Mataas |
| 4. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng mga airline na nakabase sa Pilipinas, tulad ng Philippine Airlines at Cebu Pacific. | 3.66 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.76** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 7 ang antas ng interes sa kultura at turismo ng pilipinas ayon sa indekeytor sa pantransportasyon. Makikita rin sa talahanayan na makikita mula sa aytem 1 na – *"ang nilalaman ng mga musika, bidyo, vlogs, mga post sa social media at patalastas ng p-pop ay nagpapakita ng mga uri ng transportasyon sa Pilipinas, tulad ng dyip, kalesa, padyak, habal-habal, at iba pa*." na nakakuha ng mean na 3.98 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas n interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pantransportasyon ay madalas naipapamalas.

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem. 4 na – *"ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng mga airline na nakabase sa Pilipinas, tulad ng Philippine Airlines at Cebu Pacific."* na nakakuha

ng mean na 3.66 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pantransportasyon ay madalas na naipapamalas.

Bilang kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pantransportasyon na may kabuoang 3.76 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pantransportasyon ay madalas na naipapakita sa mga mag-aaral ng *KCAST*.

**Talahanayan 8**

***Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas, ayon sa Pagkain at Inumin***

Ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pagkain at inumin ay sinukat sa pamamagitan ng *survey questionnaire* kasama ang indekeytor na sa pagkain at inumin. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Pagkain at Inumin | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng mga lokal na lutuin sa Pilipinas, tulad ng sinigang, adobo, at iba pa. | 3.78 | Mataas |
| 2. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng mga lokal na street food sa Pilipinas, tulad ng balut, isaw, betamax, at iba pa. | 3.74 | Mataas |
| 3. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita ng mga lokal na panghimagas sa Pilipinas, tulad ng haluhalo, taho, at iba pa. | 3.71 | Mataas |
| 4. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga lokal na pagkain sa Pilipinas, tulad ng pangalan at lasa nito. | 3.82 | Mataas |
| 5. ang nilalaman ng ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita rin ng iba't ibang mga pagkain bukod sa mga lokal na lutuin, tulad ng ramen, tteokbokki, pizza, at iba pa. | 3.71 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.75** | **Mataas** |

Ipinakita sa Talahanayan 8 ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas ayon sa indekeytor sa pagkain at inumin. Makikita rin sa aytem 4 na – "ang nilalaman ng musika at bidyo ng *P-pop* ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga lokal na pagkain sa Pilipinas, tulad ng pangalan at lasa nito." na nakakuha ng mean na 3.82 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pagkain at inumin ay madalas na naipapamalas.

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 5 na – *"ang nilalaman ng ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita rin ng iba't ibang mga pagkain bukod sa mga lokal na lutuin, tulad ng ramen, tteokbokki, pizza, at iba pa."* na nakakuha ng mean na 3.71 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pagkain at inumin ay madalas na naipapamalas.

**Talahanayan 9**

***Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas, ayon sa Kultura***

Ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa kultura ay sinukat sa pamamagitan ng *survey questionnaire* kasama ang indekeytor na sa kultura. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

| Kultura | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga tradisyunal na damit ng Pilipinas, tulad ng barong, filipiniana, at baro't saya. | 3.93 | Mataas |
| 2. ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga kilos at | 3.74 | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| pagpapahalaga sa Pilipinas, tulad ng pagmamano at ang paggamit ng "po" at "opo" bilang paggalang sa mga nakatatanda. | | |
| 3. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga piyesta at kaganapan sa Pilipinas, tulad ng Sinulog Festival, Ati-atihan Festival, Panagbenga Festival, at iba pa. | 3.76 | Mataas |
| 4. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga tradisyunal at katutubong sayaw sa Pilipinas, tulad ng Cariñosa, Tinikling, Pandanggo sa Ilaw, at iba pa. | 3.80 | Mataas |
| 5. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas, tulad ng Tagalog, Bisaya, Cebuano, Waray, Bicolano, at iba pa. | 3.88 | Mataas |
| 6. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagtatampok at nagpapakita ng mga lokal na produktong gawa sa Pilipinas, tulad ng bayong, walis-tambo, banig, at iba pa. | 3.86 | Mataas |
| 7. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagtatampok ng mga damit na gawa mula sa mga lokal na tela, tulad ng yakan, hablon, piña, at iba pa. | 3.84 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.83** | **Mataas** |

Makikita rin sa talahanayan na makikita mula sa aytem 1 na – *"ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga tradisyunal na damit ng Pilipinas, tulad ng barong, filipiniana, at baro't saya."* na nakakuha ng mean na 3.93 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa kultura ay madalas na naipapamalas.

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 2 na – *"ang nilalaman ng musika at bidyo ng P-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga kilos at pagpapahalaga sa Pilipinas, tulad ng pagmamano at ang paggamit ng "po" at "opo" bilang paggalang sa mga nakatatanda."* na nakakuha ng mean na 3.74 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo pilipinas, ayon sa kultura ay madalas na naipapamalas.

Bilang kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa kultura na may kabuoang 3.83 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa kultura ay madalas na naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

**Talahanayan 10**

***Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas,ayon sa pagpapalaganap ng Kultura***

Ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pagpapalaganap ng kultura ay sinukat sa pamamagitan ng *survey questionnaire* kasama ang indekeytor na sa pagpapalaganap ng kultura. Ang tugon ng mga respondente sa indekeytor ay ipinakita at sinuri sa ibaba.

Ipinakita sa Talahanayan 10 ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas ayon sa indekeytor sa pagpapalaganap ng kultura. Makikita rin sa talahanayan na makikita mula sa aytem 5 na – "*ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas, tulad ng Tagalog, Bisaya, Cebuano, Waray, Bicolano, at iba pa"* na nakakuha ng mean na 3.95 o mataas. Ibig sabihin, ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pagpapalaganap ng kultura ay madalas na naipapamalas.

| Pagpapalaganap ng Kultura | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga | 3.85 | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| tradisyunal na damit ng Pilipinas, tulad ng barong, filipiniana, at baro't saya. | | |
| 2. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga kilos at pagpapahalaga sa Pilipinas, tulad ng pagmamano at ang paggamit ng "po" at "opo" bilang paggalang sa mga nakatatanda. | 3.76 | Mataas |
| 3. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga piyesta at kaganapan sa Pilipinas, tulad ng Sinulog Festival, Ati-atihan Festival, Panagbenga Festival, at iba pa. | 3.79 | Mataas |
| 4. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga tradisyunal at katutubong sayaw sa Pilipinas, tulad ng Cariñosa, Tinikling, Pandanggo sa Ilaw, at iba pa. | 3.74 | Mataas |
| 5. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas, tulad ng Tagalog, Bisaya, Cebuano, Waray, Bicolano, at iba pa. | 3.95 | Mataas |
| 6. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagtatampok at nagpapakita ng mga lokal na produktong gawa sa Pilipinas, tulad ng bayong, walis-tambo, banig, at iba pa. | 3.76 | Mataas |
| 7. ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagtatampok ng mga damit na gawa mula sa mga lokal na tela, tulad ng yakan, hablon, piña, at iba pa. | 3.80 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.81** | **Mataas** |

Sa kabilang banda, makikita rin sa aytem 4 na – *"ang nilalaman ng musika at bidyo ng p-pop ay nagpapakita at nagtatampok ng mga tradisyunal at katutubong sayaw sa Pilipinas, tulad ng Cariñosa, Tinikling, Pandanggo sa Ilaw, at iba pa."* na nakakuha ng mean na 3.74 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pagpapalaganap ng kultura ay madalas na naipapamalas.

Bilang kabuoan na ayon sa resulta, ang datos ay nagpapakita na ang antas ng interes sa kultura at turismo ng pilipinas, ayon sa pagpapalaganap ng kultura na may kabuoang 3.81 o mataas. Ibig sabihin ay ang antas ng interes sa kultura at turismo Pilipinas, ayon sa pagpapalaganap ng kultura ay madalas na naipapakita sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

**Kabuohan ng Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas**

Ipinakita sa Talahanayan 11 ang buod ng kabuoan ng antas sa kultura at turismo ng Pilipinas. Ang mean ng bawat palatandaan at katumbas na deskripsyon ay kabilang sa mga datos na inilahad. Isiniwalat batay sa resulta na mula sa apat na indekeytor na mga palatandaan, nakuha ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas, ayon sa pantransportasyon, pagkain at inumin, kultura at ang pagpapalaganap ng kultura na naka kuha ng mataas na resulta. Ibig sabihin ay ang antas ng persepsyon at epekto ng bini ay madalas naipapamalas sa mga mag-aaral ng *KCAST.*

Samakatuwid, ang kabuoan ay nakakuha ng mean na 3.76 na kung saan na may katumabas na mataas. Ibig sabihin lamang nito ay ang antas ng interes sa kultura at turismo ng Pilipinas ay madalas naipapamalas sa mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.*

**Talahanayan 11**

*Kabuohan ng Antas ng Interes sa Kultura at Turismo ng Pilipinas*

| Indikeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| Pantransportasyon | **3.76** | Mataas |
| Pagkain at Inumin | **3.75** | Mataas |
| Kultura | **3.83** | Mataas |
| Pagpapalaganap ng Kultura | **3.81** | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.79** | **Mataas** |

**Mankabuluhang Ugnayan ng Persepsyon at Epekto ng BINI sa Interes ng mga Mag-aaral ng KCAST at Kultura at Turismo ng Pilipinas**

Inilahad sa Talahanayan 12 ang makabuluhang ugnayan ng persepsyon at epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral ng *KCAST* sa kultura at turismo ng Pilipinas, na may kabuoang *r-value* na .663. Mayroon itong *p-value* na <.001, na mas mataas kaysa sa 0.05 ng kahalagahang itinakda sa pag-aaral na ito. Ipinakita nitong may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Kaya pinabulaanan ang *null hyphothesis* ng pananaliksik na ito na nagsaad na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng baryabol. Ipanapahiwatig nitong naapektohan ng persepsyon ng bini ang interes sa kultura at turismo ng Pilipinas ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12**

*Mankabuluhang Ugnayan ng Persepsyon at Epekto ng BINI sa Interes ng mga Mag-aaral ng KCAST at Kultura at Turismo ng Pilipinas*

| Variables Correlated | Mean | r | p-value | Decision =0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Persepsyon at Epekto ng BINI | 3.76 | .663 | <.001 | Hindi Tanggap |
| Kultura at Turismo ng Pilipinas | 3.79 | | | |

## *IV. KONKLUSYON*

Batay sa resulta ng pag-aaral, makikita na may mataas na antas ng persepsyon at epekto ang bini sa emosyonal, sikolohikal, at sosyal na aspekto ng mga mag-aaral, pati na rin sa kanilang mga gawi sa pag-aaral. Ipinapakita nito na ang pagkilala at paghanga sa bini ay may positibong impluwensya sa mga mag-aaral, hindi lamang bilang isang anyo ng aliw kundi pati na rin bilang isang salik na maaaring magbigay ng inspirasyon sa kanilang pang-akademikong gawain at personal na pag-unlad. Ang mataas na antas ng epekto ay nagpapahiwatig na ang bini ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng kumpiyansa, pakikisalamuha, at motibasyon ng mga mag-aaral sa pang-araw-araw na buhay.

Bukod dito, lumabas din sa pag-aaral na mataas ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa kultura at turismo ng Pilipinas, lalo na sa aspekto ng pantransportasyon, pagkain at inumin, pangkultura, at pagpapalaganap ng kultura. Ipinapakita nito na patuloy pa ring nakikita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggalugad at pagpapahalaga sa sariling kultura at turismo. Dagdag pa rito, ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng persepsyon at epekto ng bini sa interes ng mga mag-aaral sa kultura at turismo ng Pilipinas ay nagpapakita na ang mga pop idols tulad ng bini ay maaaring magsilbing epektibong instrumento sa pagpapalakas ng pambansang identidad at pagmamalasakit sa sariling kultura. Dahil dito, maaaring gamitin ang impluwensya ng bini sa pagpapaigting ng kamalayan at pagpapahalaga ng mga kabataan sa kultura at turismo ng bansa.

## *TALASANGGUNIAN*


*[1] Aguilar, J. J. (2024). Women Empowerment: Isang Kritikal na Diskursong Pagsusuri sa mga Awitin ng Grupong Bini. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 2(2), 257-274. https://doi.org/10.17613/8eec-y191.*

*[2] Agnes, J., Gamueda, M.R. (2019). The Impact and Motivations of Tourists in Visiting a Cultural Site in Sagada. LPU-Laguna Journal of International Tourism and Hospitality Management, 4(2). https://lpulaguna.edu.ph/wp-content/uploads/2019/10/1.-The-Impact-and-Motivationsof-Tourists-in-Visiting-a-Cultural-Site-in-Sagada.pdf*

*[3] Asroriyah, A. M., Mitsalina, E., Pratiwi, B. I., & Lestari, S. (2023). Moral Values in Rachel Platten's Selected Songs Lyric. English Education and Literature Journal (E-Jou), 3(01), 76–87. https://doi.org/10.53863/ejou.v3i01.530*

*[4] Benedict, C. (2021). Music and Social Justice: A Guide for Elementary Educators (1st ed.). Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/oso/9780190062125.001.0001*

[5] Beltran, B. (2018). The Fall and Rise of Filipino Music. https://www.bworldonline.com/the-fall-and-rise-of-philippine-music/

[6] Bodegon, K. (2021). Six Filipino artists paint the stories of SB19's 'Pagsibol' on Philippine Jeepneys. Bandwagon. https://www.bandwagon.asia/articles/sb19-pagsibol-jeepneys-atinspotify-soleil-ignacio-nelz-yumul-jappy-agoncillo-anina-rubio-june-digan-ang-gerilyainterview-2021

[7] Buted, D. R., & Felicen, S. S. (2023). Exploring the value of cultural heritage sites in Ilocos Region. International Journal of Research Studies in Management, 11(14), 43-54. https://doi.org/10.5861/ijrsm.2023.1176

[8] Chow, W.L.V. (2020). How Popular Culture Influences Asia Tourism Trends within 10 Years(EspeciallyinChinaandKorea)?https://www.modul.ac.at/uploads/files/Theses/Bachelor/Undergrad_2020/BBA_2020/1611035_CHOW_Wing_Lam_Venus_Thesis_BBA_114_no_sig.pdf

[9] Chow, A. (2020). The Role of Popular Music in Cultural Tourism. International Journal of Music and Culture.

[10] Cooke, C. (2016). Critical Reflection for Social Justice and Inclusion in Music Education. In C.

[11] Choi, S. (2023). Converting Idol Worship into Destination Loyalty: A Study of 'Idol Pilgrimage Tour' in China. Journal of Research in Interactive Marketing. Retrieved from https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/jrim-01-2023-0020/full/pdf

[12] Dizon, R., Panganiban, M. R., & Pagsanghan, J. A. (2020). Cultural tourism and community participation: Issues in heritage sites in the Philippines. Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society, 17(1), 29–52. https://journals.upd.edu.ph/index.php/plaridel/article/view/7317

[13] Guiral, A. N. (2024, June 20). The Rise of P-Pop: How today's generation of artists pushed Filipino music forward. Tatler Asia. https://www.tatlerasia.com/lifestyle/entertainment/rise-of-thep-pop-genre

[14] Hamlyn, P. (2021). Inspiring Music for All. Next steps in innovation, improvement and integration. Available at https://www.phf.org

[15] Hur, J.Y. & Kim, T. (2020). Understanding Contraflow Pop-Culture Tourism: The Case of Transnational Fandom of South Korean Pop-Culture and the "Hallyu" Tourism." Journal of Tourism Insights: 10(1). https://doi.org/10.9707/2328-0824.1101

[16] Kidd, D. (2017). Popular Culture. Oxford Bibliographies. https://www.oxfordbibliographies.com/view/document/obo-9780199756384/obo-9780199756384-0193.xml

[17] Kim, S., Lee, J., & Prideaux, B. (2023). A Para-Social Perspective: The Influence of Idol Worship on Fans' Tourism Decision-Making. Journal of Travel Research. Retrieved from https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/00472875231207860

[18] Kearney, R. (2019). Meme frameworks: A semiotic perspective on internet memes. Video Journal of Education and Pedagogy, 4(2), 82-89.

[19] Lamba, P. (2021). Fried chicken to tteokbokki: All the favourite foods of K-pop idols. Lifestyle Asia. https://www.lifestyleasia.com/ind/culture/entertainment/fried-chicken-to-tteokbokki-all-thefavourite-foods-of-k-pop-idols/

[20] Lee, S.J., Bai, B., Busser, J. (2018). Pop Star Fan Tourists: An Application of Self-expansion Theory. Tourism Management, 72, pp. 270-280. https://doi.org/10.1016/j.tourman.2018.12.006

[21] Marfice, C. (2022). "Here's what science says about how music affects your productivity". 7pace. https://www.7pace.com/blog/heres-what-science-says- about-how-music-affects-your-productivity

[22] Mendoza, L. (2022). The Youth's Perception of Pop Music and Cultural Identity. Philippine Journal of Music and Arts.

[23] Olarte, G., et al. (2022). Conflict As Reflected in Selected Original Pinoy Music Songs. Asian Journal of Advanced Multidisciplinary Researches, 2 (1), 1-5. https://msubuug.edu.ph/journal/vol2issue1/AJAMR012022004.pdf.

[24] Ouergui I., Jebabli E., Delleli S., Messaoudi H., Bridge C. A., Chtourou H., et al. (2023). Listening to preferred and loud music enhances taekwondo physical performances in adolescent athletes. Percept. Mot. Skills 315125231178067:003151252311780. doi: 10.1177/00315125231178067, PMID:

[25] Placido, (2022). Philippine-Pop as Potential Catalyst: Filipino Fans' Perception as a Basis for Tourism Promotion. European Online Journal of Natural and Social Sciences, 11(4). https://european-science.com/eojnss_proc/article/view/6762/3119

[26] Peralta, L. (2022). "How does music affect society? - save the music foundation". Save The Music Foundation - Every Child Deserves Music. https://www.savethemusic.org/blog/how-does-music-affect-society/

[27] Lee, J., (2021). Understanding Tourists' Involvement with Pop Culture: A Case of Korean Pop Music. Tourism Travel and Research Association: Advancing Tourism Research Globally. Retrieved from https://scholarworks.umass.edu/bitstreams/02b30ebd-9220-42ac-a161-c3d4274793dd/download

[28] Lee, S., & Park, H. (2021). Re-engaging youth with cultural heritage in South Korea: Challenges and policy implications. Journal of Heritage Tourism, 16(5), 521–537. https://doi.org/10.1080/1743873X.2021.1883412

[29] *Look Upgrade. (2019). Why Street Food in the Philippines is Famous. Retrieved from Look Upgrade: https://lookupgrade.com/en/blog/english-why-street-food-in-thephilippines-is-famous/*

[30] *Phd Student, National University of Uzbekistan, & Umurzakov, I. (2022). THE ROLE OF MUSIC IN HUMAN'S LIFE. International Journal of Advance Scientific Research, 02(12), 116–120. https://doi.org/10.37547/ijasr-02-12-16*

[31] *Rentfrow, P. J. (2012). The Role of Music in Everyday Life: Current Directions in the Social Psychology of Music. Social and Personality Psychology Compass, 6(5), 402–416. https://doi.org/10.1111/j.1751-9004.2012.00434.x*

[32] *Roberts, T. (2011). Michael Jackson's Kingdom: Music, Race, and the Sound of the Mainstream: 'Michael Jackson's Kingdom. Journal of Popular Music Studies, 23(1), 19–39. https://doi.org/10.1111/j.1533-1598.2010.01262.x*

[33] *Sánchez González, M. G. (2020). Adolescents and values portrayed in music nowadays. Multidisciplinary Journal for Education, Social and Technological Sciences, 7(2), 45. https://doi.org/10.4995/muse.2020.14001*

[34] *Sebio, A. L. (2023). Wika at Kultura ng OPM: Pagsusuri ng mga Awiting Pilipino Tungo sa Pag-Unawa sa Kultura ng Ika-21 Siglong Pilipino. E-DAWA: An International Multidisciplinary Research Journal, 3(2). https://doi.org/10.56901/HOCT7180*

[35] *Shang, J. (2019). Research on Popular Music Communication Under the New Media Revolution. Proceedings of the 4th International Conference on Contemporary Education, Social Sciences and Humanities (ICCESSH 2019). Proceedings of the 4th International Conference on Contemporary Education, Social Sciences and Humanities (ICCESSH 2019), Moscow, Russia. https://doi.org/10.2991/iccessh19.2019.213*

[36] *Sibal, G. (2024). BINI and the New Age of Filipino Pop Music. Philippine Music Review.*

[37] *Xu, W. W., Park, J. Y., & Park, H. W. (2017). Longitudinal dynamics of the cultural diffusion of Kpop on YouTube. Quality & Quantity, 51(4), 1859-1875.*

[38] *Yastanti, U., & Warlina, W. (2018). AFFIXES IN SONG LYRICS OF ADELE. IJOLTL-TL (Indonesian Journal of Language Teaching and Linguistics), 3(1), 65-88. https://doi.org/10.30957/ijoltl.v3i1.405.*